Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries


# Kahilingan ng Kooperasyon sa Pagpigil ng Pagpasok ng mga Nakakahawang Sakit ng Alagaing Hayop

**PIGILAN**

**Sa kasalukuyan, isang malaking suliranin sa mundo ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit ng alagaing hayop tulad ng African Swine Fever at Foot-and-Mouth Disease.**
**Kumakalat ang impeksyon sa pamamagitan ng mga produktong karne, damit, sapatos, atbp.**
**Lubhang isinasapanganib ng mga sakit na ito ang matatag na supply ng mga produktong panghayupan kapag pumasok sa Japan.**
**Kinakailangan ang kooperasyon ng lahat para pigilan ang pagpasok ng mga ito sa Japan.**

## 01 Ano ang African Swine Fever at Foot-and-Mouth Disease?

### African Swine Fever (ASF)




**Katangian**

Ang mortality rate ay halos 100% (sa peracute at acute type)
Ang virus ay nabubuhay sa kapaligiran sa mahabang panahon (**1,000 araw** o higit pa kung frozen)

- Nabubuhay ito kahit pa sa pH 4 - 11, sa dugo at dumi, at sa mga karneng baboy at mga produktong naproseso (salted ham atbp.)


**Pag-iwas at Paggamot**

Walang mabisang lunas o hakbang sa pag-iwas; walang bakuna

**Pinsala**

Sa Tsina, ang bilang ng mga alagang baboy ay bumaba nang 40% dahil sa pagkamatay at cullling, at ang presyo ng karneng baboy ay tumaas nang doble o higit pa (sa kaso ng 2019)

### Foot-and-Mouth Disease (FMD)




**Katangian**

Labis na bumababa ang halaga ng mga alagaing hayop na hindi kumakain dahil sa sakit ng mga paltos sa bibig at paa
Lubhang nakakahawa ang virus

- Kumakalat ang impeksyon sa pamamagitan ng hangin (May kaso rin kung saan dinala ito ng hangin mula sa rantso na mahigit sa **60 km** ang layo)
- Ang dami ng virus na inilalabas ng 1 baboy sa 1 araw ay katumbas ng daming makakahawa sa **10 milyong** baka

**Pag-iwas at Paggamot**

Walang mabisang lunas; may bakuna ngunit hindi nito mapipigilan ang pagkahawa ng mga alagaing hayop

**Pinsala**

Sa nakaraan, isinagawa ang culling ng 300,000 baka at baboy, at umabot sa 235 bilyong yen ang halaga ng pinsala
(ayon sa pagtatantiya ng Miyazaki Prefecture sa outbreak noong 2010; kabilang ang mga kaugnay na industriya)


* Alinman sa mga naturang sakit ay **walang panganib ng impeksyon sa tao** (Puna)

(Puna) Sa ibang bansa, may mga naiulat na pambihirang kaso ng impeksyon sa FMD virus dahil sa labis na malapit na pakikipag-ugnayan, ngunit walang panganib ng impeksyon kung mamumuhay nang karaniwan lamang. Kung sakaling mahawa, makakaranas lamang ng sinat at singaw ngunit mabilis na gagaling, at walang naiulat na kaso ng pagkamatay.

# 02 Sitwasyon ng outbreak sa Asya

- Ang ASF ay **kumalat sa iba't ibang bansa sa Asya** pagkatapos nitong pumasok sa Tsina noong 2018**.**
- Ang FMD ay **patuloy na nangyayari sa maraming bansa**.
- **Kakaunting bansa/rehiyon lamang tulad ng Japan** ang malaya sa dalawang sakit (*)

* Nagkaroon na ng outbreak ng FMD sa Japan sa nakaraan, ngunit pagkatapos nito ay nanumbalik sa estado ng pagiging malaya sa mga sakit.



: Bansa/rehiyon na may outbreak ng ASF/FMD
: Bansa/rehiyon na may outbreak ng ASF lamang
: Bansa/rehiyon na may outbreak ng FMD lamang
: Bansa/rehiyon na walang alinmang outbreak

Batay noong Nobyembre 1, 2025
Pinagmulan: WOAH, mga website ng bawat bansa, atbp.
Puna 1: Ang mga "outbreak" sa materyales na ito ay tumutukoy sa mga naiulat sa WOAH
Puna 2: Ang taon ng unang outbreak ay tumutukoy sa taon kung kailan nailuat ang outbreak sa WOAH
Puna 3: Ang "Bansa/Rehiyon na May Outbreak ng FMD" ay data ng 2021 pasulong, at ang mga numero sa loob ng panaklong ay ang bilang ng mga kaso

### Taon ng Unang Outbreak ng ASF

| Bansa/Rehiyon | Taon |
|---|---|
| Tsina | 2018 |
| Hong Kong, Mongolia, Hilagang Korea, Timog, Korea<br>Vietnam,Laos, Cambodia, Pilipinas, Myanmar Indonesia<br>Silangang Timor | 2019 |
| India | 2020 |
| Malaysia, Thailand, Bhutan | 2021 |
| Nepal | 2022 |
| Singapore, Bangladesh | 2023 |
| Sri Lanka | 2024 |
| Taiwan | 2025 |

### Bansa/Rehiyon na May Outbreak ng FMD

| Bansa/Rehiyon | Taon ng outbreak |
|---|---|
| Tsina (1), India (103), Indonesia (Hindi natukoy)<br>Cambodia (24), Sri Lanka (67), Thailand (108)<br>Nepal (66), Pakistan (Hindi natukoy), Bhutan (3)<br>Vietnam(17), Malaysia (28), Mongolia (5) | 2022 |
| Tsina (4), India (49), Indonesia (Hindi natukoy),<br>Cambodia (16), Sri Lanka(1), Thailand (15), Nepal (34)<br>Pakistan (Hindi natukoy), Vietnam(25), Malaysia (8)<br>South Korea (11) | 2023 |
| Tsina (3), Indonesia (Hindi natukoy), Thailand (2)<br>Nepal (36), Pakistan (Hindi natukoy), Vietnam(44)<br>Malaysia (15) | 2024 |

Puna: Maaaring hindi nagtutugma ang bilang ng mga kaso sa sitwasyon ng outbreak dahil sa hindi sapat na pag-uulat habang lumalaganap ang sakit, o dahil mahirap matukoy ang pagkahawa dahil sa bakuna.

# 03 Mga Bagay na Maaaring Gawin para Mapigilan ang Pagpasok ng Virus

## 1 Huwag magdala ng mga pagkaing naglalaman ng karne mula sa ibang bansa


Ipinagbabawal na dalhin




- Mahahawa kapag **kumain ang isang hayop** ng karneng kontaminado
- May natuklasang **buhay na ASF virus** mula sa produktong karne na ilegal na dinala sa Japan

## 2 Huwag magtapon sa labas ng mga pagkaing naglalaman ng karne

Ipinagbabawal na iwan sa labas





- Maaaring mahawa sa pamamagitan ng **tirang pagkain at basura** mula sa baon sa hiking o barbecue
- Maaaring mahawa **kapag dinilaan lamang ng isang baboy-damo ang tray** na pinaglagyan ng karneng kontaminado ng ASF
- **Lumaganap ang ASF sa pamamagitan ng mga baboy-damo** sa ibang bansa, at mahirap nang puksain

## 3 Huwag lumapit sa mga hayop sa loob ng 1 linggo pagkabalik sa Japan

- Maaaring mahawa sa pamamagitan ng **mga virus na dumikit sa damit o sapatos**



Puna




Zoo



Rantsong panturista